Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 8*

## *Pagbibigay-kahulgan sa mga Simbolo, Pahiwatig at Imahe*

# Modyul 8
# Pagbibigay-kahulgan sa mga Simbolo, Pahiwatig at Imahe



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Magandang araw sa iyo kaibigan!

Heto ang panibagong modyul para sa iyo. Tulad ng ibang modyul, madali lamang ang modyul na ito. Mahalaga lamang na magfokus at maglaan ka ng kaunting oras upang matagumpay mong matugunan ang mga pangangailangan ng modyul na ito.

Bakit kaya mas kinagigiliwan ng iba ang manood na lamang ng telebisyon, makinig ng balita sa radyo at magbasa ng mga tabloid? Bakit kaya mas gusto nilang mag-ubos ng maraming oras sa harap ng kompyuter upang maglaro ng *video game* o kaya ay makipag-*chat* kaysa magbasa ng mga akdang pampanitikan? Bakit kaya kinatatamaran nila ang pagbabasa?

Isang dahilan kung bakit kinatatamaran ng marami ang pagbabasa ng mga akdang-pampanitikan ay dahil sa mahirap daw itong maunawaan. Bukod sa mga malalalim na salita, gumagamit pa ito ng mga simbolo, imahe, at pahiwatig na kailangang pag-isipang mabuti ng mambabasa upang maintindihan niya ang kabuuan ng akda. Kaya sa modyul na ito, tuturuan kitang kumilala sa mga simbolo/imahe, at mga pahiwatig na ginamit ng awtor sa kanyang akda. Kaugnay din nito, ituturo ko rin ang pagbibigay-kahulugan sa mga salitang ginamit sa akda batay sa *konotasyon* at *denotasyong* kahulugan nito.

Tuturuan din kitang matukoy ang pangunahing paksa ng isang teksto at kung paano mo maipapahayag ang iyong saloobin ukol dito, positivo o negativo man. Malalaman mo ang paggamit ng mga *keyword* upang maipahayag mo ang iyong saloobin o kuru-kuro ukol sa isang paksa na tinalakay sa teksto.

Handa ka na ba? Ang dami, ano? Pero huwag kang mag-alala. Kaya mo ‘to.

Isang masayang pag-aaral sa iyo!

## *Ano ang matututunan mo?*

Inaasahang sa pamamagitan ng modyul na ito, maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakikilala at nabibigyang halaga ang mga salita/pahayag na nagpapahiwatig ng simbolo, imahe, at pahiwatig
2. Natutukoy ang mga *keyword* na nagpapakila ng paksa, proposisyon, positiv at negativ na pahayag
3. Nabibigyang kahulugan ang mga salita ayon sa konotasyon at denotasyong kahulugan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod:

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.

2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.

3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mababalikan ang mga liksyon.

4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit mo ang mataas na antas na kaalaman.

5. Ang mga tamang sagot (*answer key*) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagtakapos mong masagutan ang mga aytem.

   Maraming salamat kaibigan!



# *Ano na ba ang alam mo?*

Ngunit bago mo simulan ang mga gawain sa modyul na ito, gusto ko munang alamin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pang-unang pagsusulit. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong makuha. Ang layunin ko lamang ay masukat ang iyong kaalaman sa mga araling iyong kakaharapin sa modyul na ito. Kaya't maging matapat ka sana sa iyong pagsagot.

Maaari ka nang magsimula.

I. Piliin ang wastong sagot sa kahon. Isulat ang salita ng iyong sagot sa isang hiwalay na papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *keyword* | pahiwatig | paksa | denotasyon |
| proposisyon | konotasyon | simbolo | |

______1. Ito ang kahulugang tahas o literal na depinisyon ng salita na kadalasang nakikita sa diksyunaryo

______2. Mga salita na kapag binanggit sa isang akda ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan ang mambabasa

______3. Istilong ginagamit ng mga manunulat upang sabihin ang kanilang mga nais sabihin sa paraang hindi lantad o hayagan

______4. Ito ay ang mas malawak na pagpapakahulugan sa salita, nagtataglay ng simbolo o pahiwatig na kahulugan ang salita

______5. Pangunahing kaisipan ng kuwento na nais ipabatid ng may-akda sa mambabasa

______6. Mga tanda o ibang salita na ginagamit ng may-akda upang lalong mapalutang ang kanyang paksa

______7. Isang pahayag na nagbibigay ng mungkahi.

II. Ano ang *ipinahihiwatig* ng mga sumusunod? Piliin ang titik ng iyong sagot at isulat ito sa sagutang papel.

______1. Ibig kong magsaka na ang aanihin
ikabuhay ko ma'y sa pawis ko galing.
- Rogelio Sicat, *Malaya*

a. paghingi ng tulong sa ibang tao
b. pagsisikap sa sariling paraan
c. gawing mag-isa ang isang gawain
d. hindi paghingi ng tulong sa iba

_____2. Dalawampung taong nabangkay ang laya,
laksa ang nasukol na diwa at puso.
-Teo T. Antonio, *Babang-Luksa*

a. marami ang nakakulong
b. mahabang panahon ng pananakop ng mga dayuhan
c. maraming taon na ang tao ay walang layang magsalita
d. pang-aabuso sa mga Pilipino

_____3. May isang bagay na malinaw na malinaw kong natatandaan tungkol kay Tata More – hindi pa siya pumupunta sa amin nang hindi niya taglay ang ingay at halakhak.
- Genoveva E. Matute, *Tata More*

a. Masayahing tao si Tata More
b. Maraming naiinis kay Tata More
c. Mahirap kalimutan si Tata More
d. Mahilig humalakhak si Tata More

_____4. Noon ay kataimtimang minamalas ni Impong Sela ang kanyang lalabing-animing taong apong lalaki sa pagkakahigang walang katinag-tinag. Sa ilalim ng maputing kumot, ang kanyang apong nakatihaya ay matuwid na matuwid katulad ng isang bangkay.
- Epifanio G. Matute, *Impong Sela*

a. Patay na ang apo ni Impong Sela
b. Natutulog ang apo ni Impong Sela
c. Paralisado ang katawan ng apo ni Impong Sela
d. May malubhang sakit ang apo ni Impong Sela

_____5. Sa matinding sikat ng araw, tila siya isang mandirigmang sugatan, ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagiang larangan.
- Rogelio Sicat, *Impeng Negro*

a. siya ay natalo
b. patas lang ang labanan
c. nagtagumpay siya sa labanan
d. hindi niya matanggap ang pagkatalo

_____6. Ang araw ay mahapdi sa balat at ang hangin ay tila hininga ng isang nilalagnat.
- Edgardo M. Reyes, *Lugmok na ang Nayon*

a. maysakit
b. sobrang init ng panahon
c. sensitibong ang balat
b. matinding sikat ng araw

______7. Ilang hakbang lamang ang nakapagitan sa silid ng ama ko at sa akin, ilang hakbang lamang at maaari ko nang mabuksan ang pinto at itulak iyong upang makita ang nasa loob. Subalit ang mga hakbang ko ay karaniwang mabibigat.

- Buenaventura S. Medina, Jr., *Dayuhan*

a. masama ang loob niya sa kanyang ama
b. may galit siya sa kanyang ama
c. hindi niya kapalagayang loob ang ama
d. nahihiya siya sa kanyang ama

______8. Ngayon ang sanga ko'y kurus sa libingan,
Dahon ko'y ginawang korona sa hukay.

- Jose Corazon de Jesus, *Ang Punungkahoy*

a. kamatayan
b. katandaan
c. pagsisisi
d. pamamaalam

III. Ano ang *isinisimbolo* ng mga salitang may salungguhit? Isulat ang titik ng iyong sagot.

______1. Ang buhay ay <u>guryon</u>: marupok, malikot,
Dagiti't dumagit saan man sumuot…

- Ildefonso Santos, *Ang Guryon*

a. pagsubok sa buhay
b. problema/suliranin
c. isang laruan
d. pangarap

______2. At sa <u>kubong butas-butas</u>
ay naglagos ang pangarap.

- Teo T. Antonio, *Kasal ni Kikay*

a. tahanan/bahay
b. pamilya
c. kahirapan
d. kayamanan

______3. Walang nakakaalam kung gaano na katanda ang <u>gilingang bato</u>. Ito'y nagisnan na naming magkakapatid.

- Edgardo M. Reyes, *Ang Gilingang Bato*

a. katandaan
b. panahon
c. pamana
d. kabuhayan

______4. Sa bawat tao ay may naghihintay na lupa ng sariling bayang sinilangan.
- Rogelio Sicat, *Sa Lupa ng Sariling Bayan*

a. lupang sinilangan
b. lupang sakahan
c. lupang lilibingan
d. lupang pagkukunan ng kabuhayan

______5. May mga taong bukod sa hangad na tularan ang lalong walang habas na ibon: ang Agila, ay may mga palatandaan pa rin ng buwitre, ng kuwago at ng malaking bayakan na sumisipsip ng dugo ng tao.
- Amado V. Hernandez, *Mga Ibong Mandaragit*

a. katakawan
b. kabulastugan
c. gahaman sa yaman
d. kasakiman

______6. Lumuha ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha
ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa
- Amado V. Hernandez, *Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan*

a. damdamin
b. mga pasakit/pagdurusa ng bayan
c. pag-ibig sa bayan
d. pagliligtas sa bayan

IV. Isulat ang + kung positiv at – naman kung negativ ang mga sumusunod na pangungusap.

______1. Pinalaya na nang walang pinsala noong Martes ang Pilipinong si Angelito Nayan at dalawa pang UN workers, na dinukot sa Afghanistan.
______2. Simula Sabado, magbibigay ang 100 himpilan ng Petron, Pilipinas Shell at Caltex Philippines ng 50 sentimong diskwento kada litro ng diesel.
______3. May ibang hindi maka-concentrate sa klase o nakararamdam ng sobrang pagod kaya hindi makapag-aral nang mabuti.
______4. Masayang tinanggap ng karamihan ng mga mag-aaral ng UP ang pagkakahalal ng bagong pangulo.
______5. Kung ihahambing sa mga ibang pangunahing pamantasan sa Asya, ang kalidad ng pagtuturo sa Pilipinas ay patuloy na bumabagsak nitong mga nakaraang taon.
______6. Ang kasalukuyang pinakamalubhang suliranin ng UP ay ang kakulangan ng sapat na salapi.
______7. Kahit ang kongkretong tulay na nagdudugtong sa Real at Infanta, Quezon ay hindi sinanto ng matinding agos noong kasagsagan ng bagyong “Winnie”.
______8. Bumaba sa kalahati ang bilang ng mga nakidnap na Filipino-Chinese sa buong bansa ngayong taon.
______9. Hindi papapasukin sa Pilipinas ang mga imported na *poultry products* mula Vietnam at Japan.

______10. Sumobra na ang lawak ng Nestle kung kaya't hindi na makapasok pa ang ibang local na suplayer at prodyuser sa industriya.

V. Isulat ang P kung *proposisyon* at HP kung *hindi proposisyon* ang mga sumusunod na pangungusap.

______1. Gumamit ng *filter* o kaya'y pakuluan muna ang tubig bago inumin.

______2. Mag-imbak ng makakain, kumot, pagkain ng bata at gamut – at manalanging magpalit ng ruta ang bagyo.

______3. Mayroong mahigit na sandaang dialekto na kalat sa mahigit na 7,100 na pulo ng Pilipinas.

______4. Ugaliing matulog.

______5. Susuungin ng mga motorista ang kadalasang masikip na Taft Avenue kapag nagtalumpati na si Pangulong Macapagal-Arroyo sa Quirino Grandstand sa Rizal Park..

______6. Hangga't maaari, umiwas sa kape paglagpas ng tanghali.

______7. Sa dami ng ating *dialects*, nagkawatak-watak daw ang mga Pinoy.

______8. Maaari ninyong ganapin ang espesyal na okasyon sa kani-kaniyang mga bahay.

______9. Sa mabilis na pagdami ng mga Pilipino, kailangan talagang makapagdevelop ng binhing matibay sa bagyo.

______10. Ang wika ay lumalago, nagbabago at umuunlad batay na rin sa paggamit natin.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto, huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong nakuha, dahil ang layunin ko lamang ay ang masukat ang iyong nalalaman.

Sana'y mas pagtuunan mo ng pansin ang mga bahaging nahirapan ka sa iyong gagawing pag-aaral sa modyul na ito.

Maaari ka nang magsimula.

## Sub Aralin 1

### Pagkilala sa mga Simbolo/Imahen at Pahiwatig

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, magagawa mo ang sumusunod:

1. nakikilala at nabibigyang halaga ang mga salita/pahayag na nagpapahiwatig ng simbolo/ imahe, at pahiwatig
2. napahahalagahan at naiuugnay sa sarili ang mensaheng nais iparating ng tula
3. nakaiisip ng iba pang simbolo at imahe na maaaring iugnay sa mga salitang binanggit sa akdang binasa

Nasabi na sa unahan na isa sa mga nagpapaganda sa akdang binabasa ang paggamit ng manunulat ng mga simbolo/imahe at pahiwatig. Pinag-iisip nito ang mga mambabasa at dinadala sa mayamang mga imahinasyon.

Isa sa mga manunulat na gumamit nito ay si Amado V. Hernandez. Kinilala siyang bilang "Makata ng Manggagawa". Isinilang siya noong Setyembre 13, 1903 sa Tondo at pumanaw noong Marso 24, 1970. Bukod sa pagiging makata, isa rin siyang mamamahayag, unyonista at makabansa. Itinuturing siyang higante ng panitikang Pilipino. Ang kanyang hindi mapapantayang pagmamahal sa bayan at sa uring manggagawa ay napatunayan nang ikinulong siya ng lima at kalahating taon mula 1951 hanggang 1956.

Pinawalang-sala lamang siya ng Korte Suprema noong 1964.

**Alamin**

Narito ang isang tula niya na may pamagat na "Tinapay". Basahin mong mabuti ang tula. Bakit kaya tinapay ang pamagat nito?

**Tinapay**
ni *Amado V. Hernandez*

Siya'y nakakulong
na ilan nang taon,
tanikalang bakal mandin ng panahon
na sa kanyang buhay nagkabuhul-buhol.

Putol na tinapay
at santabong sabaw
sa nabuksang pinto'y iniwan ng bantay,

halos ay sinaklot ng maruming kamay.

Noong isusubo
ng abang bilanggo,
tinapay ay basa ng luhang tumulo,
nasalang na bigla ang sugat ng puso.

Naisip kung bakit
siya napipiit:
minsan ay nagnakaw ng sanlatang biskwit
pagkat dumaraing ang bunsong may sakit.

Nagtangkang umiwas
sa kamay ng bata,
at ang tumutugis ay kanyang inutas…
di na nakabalik sa piling ng anak!

Nasayang ang buhay
sa isang tinapay;
may tinapay siya ngayon araw-araw,
subalit ang anak – sa gutom namatay!

Nagustuhan mo ba ang tula? Bakit? Anu-anong mga katangian ng tula ang iyong nagustuhan? Hindi ba't napapanahon pa rin ang mensaheng nais iparating ng tula?

Sino ang nagsasalita sa tula? Ang bilanggo, di ba? Anu-anong mga paghihirap ang dinaranas ng bilanggo sa loob ng *tanikalang bakal*? Bakit siya nakakulong? Ano ang kanyang pagkakasala?

Hindi ba't tila isang tao na posibleng nasa loob o labas ng *tanikalang bakal* ang nagsasalita sa tula dahil kilalang-kilala niya ang bilanggo. Alam din niya ang *putol na tinapay at santabong sabaw* na iniwan ng bantay sa pintuan na *sinaklot ng maruming kamay* ng bilanggo. Nasabi rin niyang ang pagnanakaw ng *sanlatang biskwit* para sa *bunsong may sakit* ang dahilan ng pagkakabilanggo ng lalaki.

Maaari rin namang sabihin, na ang nagsasalita sa tula ay ang mismong bilanggo o ang awtor. Alalahanin nating si Amado V. Hernandez ay naging isa ring bilanggo.

Balikan mo ang pamagat na "Tinapay".

Sa iyong palagay, bakit kaya ito ang naisip na pamagat ng makata? May nakikita ka bang mas malalim na dahilan?

Marahil sa ibang mambabasa, ang pamagat na "Tinapay" ay tumutukoy lamang sa tinapay na pagkain at nagbibigay-kabusugan sa isang tao. Ngunit kung pag-iisipang mabuti, may mas malalim na nais ipabatid sa mambabasa ang pamagat ng tula.

Anu-ano ang pumasok sa isipan mo nang mabasa mo ang pamagat ng tula na "Tinapay"? Lagyan mo ng tsek ang iyong mga naisip:

_____ bata
_____ almusal o meryenda
_____ pagkain
_____ isang pamilya
_____ kahirapan ng buhay

Kung ang iyong nilagyan ng tsek ay ang *kahirapan ng buhay*, ay binabati kita dahil marunong ka nang kumilala ng simbolo sa isang akda.

**Linangin**

Ano ba ang simbolo o imahen?

Ang simbolo ay mga salita na kapag binanggit sa isang akdang pampanitikan tulad halimbawa ng tula ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mambabasa. Ngunit ang pagpapakahulugan ng mambabasa ay kailangang hindi malayo sa tunay na intensyon ng makata sa kanyang tula. Halimbawa, ang *puti* ay sumisimbolo sa kalinisan o kadalisayan; samantalang ang *pula* naman ay sumisimbolo sa katapangan o kaguluhan. Madalas, gumagamit din ang mga makata ng isang babae sa kanilang mga tula upang magbigay-imahen sa bansang Pilipinas. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga simbolo o imahen, mas nauunawaan ng mambabasa ang pangkaisipan at pandamdaming implikasyon ng tula.

Malinaw na ba sa iyo ang ibig sabihin ng simbolo o imahen? Kung hindi pa, narito ang ilan pang halimbawa. Ibigay mo ang simbolo o imaheng nais iparating ng mga ito.

tanikalang bakal

putol na tinapay at santabong sabaw

maruming kamay

sugat ng puso

Anu-ano ang sinisimbolo ng mga ito? Kung ang iyong sagot ay kaugnay o hindi nalalayo sa mga ito, ay tama ka.

Ang *tanikalang bakal* ay sumisimbolo sa kawalan ng kalayaan.

Ang *putol na tinapay at santabong sabaw* ay sa mga paghihirap ng bilanggo sa loob ng bilangguan.

Ang *maruming kamay* ay sumisimbolo sa nagawang kasalanan.

Ang *sugat ng puso* naman ay sumisimbolo sa pagtitiis at matinding pananabik.

Ngayong nakapagbibigay ka na ng kahulugan sa mga simbolo/imahen ng ginamit ng makata sa tula, nakita mo na ba ang mahalagang gampanin ng mga simbolo/imahen sa isang akdang pampanitikan?

Hindi ba't sa pamamagitan ng mga ito ay napag-iisip ka. Nagagamit mo ang iyong malikhaing pag-iisip upang maunawaan mo ang kabuuan ng tula, ang nais nitong iparating sa iyo. Lahat ng mga bagay na isinama ng makata sa kanyang tula ay may malalim na kahulugan bukod sa literal nitong kahulugan. Napatunayan mo ito sa tulang "Tinapay" ni Amado V. Hernandez, hindi ba?

Bukod sa simbolo/imahen maituturing din mahalagang sangkap ng isang akdang pampanitikan ay ang *pahiwatig*. Ano ba ang *pahiwatig*?

Teka, bago ko sabihin sa iyo kung ano ang *pahiwatig*, basahin mo muna ang ikalawang tula, "Ang Panday" ni Amado V. Hernandez.

**Ang Panday**
ni *Amado V. Hernandez*

Kaputol na bakal na galing sa bundok,
sa dila ng apoy kanyang pinalambot;
sa isang pandaya'y matyagang pinukpok;
at pinagkahugis sa nasa ng loob.

Walang anu-ano'y naging kagamitan,
araro na pala ang bakal na iyan;
ang mga bukiri'y payapang binungkal
hanggang nang malaon ay masayang tamnan.

Nguni't isang araw'y nagkaroon ng gulo
at ang buong bayan ay bulkang sumubo,
tanang mamamaya'y nagtayo ng hukbo
pagkat't may laban nang nag-aalimpuyo.

Ang lumang araro'y pinalambot uli
at saka pinanday nang nagmamadali,
naging tabak naman tila humihingi!
ng paghihiganti, sa maraming puti!

Kaputol na bakal na kislap ma'y wala,
ngunit ang halaga'y hindi matingkala;

ginawang araro: pangbuhay sa madla,
ginawang sandata: pananggol ng bansa!

Pagmasdan ang panday, nasa isang tabi,
bakal na hindi man makapagmalaki;
subali't sa kanyang kamay na marumi
ay naryan ang buhay at pagsasarili.

Pansinin ang mga sumusunod na linya mula sa tulang iyong binasa. Ang mga ito ay nagbibigay ng pahiwatig sa mambabasa.

Nguni't isang araw'y nagkaroon ng gulo 1
at ang buong bayan ay bulkang sumubo. 2

Ang lumang araro'y pinalambot uli 3
at saka pinanday nang nagmamadali 4
naging tabak naman tila humihingi 5
ng paghihiganti, sa maraming puti! 6

Pagmasdan ang panday, nasa isang tabi, 7
bakal na hindi man makapagmalaki; 8

subali't sa kanyang kamay na marumi 9
ay naryan ang buhay at pagsasarili. 10

Ano ang ipinahihiwatig ng una at ikalawang linya?

Nang dumating ang mga mananakop na dayuhan sa ating bansa, nabulabog ang ating tahimik na pamumuhay. Maraming mga Pilipino ang nagpahayag ng pagkagalit sa pamamagitan ng pakikipaglaban, gamit ng tabak.

Ano ang ipinahihiwatig ng ika-6 na linya?

Ginamit ng mga Pilipino ang tabak upang makipaglaban o kaya ay makapaghiganti sa mga Amerikanong dumating sa ating bansa na sinasabing mabuting kaibigan ngunit sa totoo pala'y masasama at traydor na kaibigan.

Ano ang ipinahihiwatig ng ika-7 at ika-8 linya?

Ano ang isinisimbolo ng *panday*? Kung ang sagot mo ay sa mga Pilipino, tama ka. Ang panday sa tula ay ang mga mamamayan o masang Pilipino na walang yaman o anumang materyal na bagay na maipagmamalaki, kundi ang kalayaan lamang ng sariling bansa.

At ano naman ang nais ipahiwatig ng ika-9 at ika-10 linya ng tula?

Bagama't walang anumang maipagmamalaki ang masang Pilipino na sumisimbolo sa panday sa tula, sa kanilang mga *kamay na marumi*, nakasalalay ang *buhay at pagsasarili* ng bansang Pilipinas. Silang mga hinahamak ang kikilos upang makamit ang maayos na buhay at ganap na kalayaan mula sa mga dayuhang Amerikano.

Batay sa aking mga ibinigay na halimbawa, maibibigay mo na ba ang kahulugan ng *pahiwatig*?

Ang *pahiwatig* ay maituturing na mahalagang sangkap ng anumang akdang pampanitikan tulad ng maikling-kuwento at tula. Ang *pahiwatig* ay isang istilong ginagamit ng makata upang sabihin ang kanyang gustong sabihin sa paraang hindi lantad o hayagan, di ba? Sa tula, may mga sinasabi ang makata na hindi naman niya direktang sinasabi. Bahala ang mambabasa na alamin o tuklasin ang mga nakatagong kahulugan.

Sa pamamagitan ng *pahiwatig*, mas nagiging matimpi ang isang akda. Hindi nagiging kabagut-bagot sa mambabasa dahil hindi sinasabi sa kanya ang lahat-lahat. Kumbaga, may mga misteryo o kahiwagaan na kailangan niyang tuklasin sa pagbabasa. Nagiging malikhain ang mambabasa dahil naiiwan sa kanyang guniguni o imahinasyon ang pagbibigay-kahulugan sa tula.

Bukod sa tula, madalas ding gamitin ang *pahiwatig* sa maikling kuwento.

Alamin ang ipinahihiwatig ng mga sumusunod na bahagi ng kuwento:

> Nasa mga palad pa rin ni Ina ang kaliwang kamay ni Ama: *Sabihin mo, mahal ko, na maaangkin ko na ang kaligayahan ko…*
>
> Kinagat ni Ina nang mariin ang kanyang labi at nang siya'y mangusap ay hindi ko naaming kay Ina ang tinig na yaon. *Maaangkin mo na*, *mahal ko!*
>
> Ang init ng mga labi ni Ina ang kasabay ng kapayapaang nanahanan sa mga labi ni Ama at nasa mga mata man niya ang ilaw ng pagkabigo sa pagdurugtong sa isang buhay ay wala nang luhang dumadaloy sa mga iyon: natitiyak niya ang kasiyahang nadama ng kalilisang kaluluwa…
>
> (Liwayway A. Arceo, *Uhaw ang Tigang na Lupa*)

Ano ang nais ipahiwatig ng linyang ito: *"Sabihin mo mahal ko, na maaangkin ko na ang kaligayahan ko…"*

Kung ang iyong sagot ay pag-aagaw buhay ng isang ama ay tama ka. Hindi direktang sinabi ng awtor na ang ama ay nag-aagaw buhay o malapit nang mamatay.

Namatay ba nang maligaya ang ama? Basahin mo ang pariralang patunay dito. Nakita mo ba ang huling dalawang linya: *natitiyak niya ang kasiyahang nadama ng kalilisang kaluluwa…*

Pansinin ang mga ginawang paglalarawaan ng awtor sa sitwasyon:

> *Sabihin mo, mahal ko, na maaangkin ko na ang kaligayahan ko…*
>
> *Kinagat ni Ina nang mariin ang kanyang labi at nang siya'y mangusap ay hindi ko naaming kay Ina ang tinig na yaon. Maaangkin mo na, mahal ko!*
>
> *Ang init ng mga labi ni Ina ang kasabay ng kapayapaang nanahanan sa mga labi ni Ama.*
>
> *Nasa mga mata man niya ang ilaw ng pagkabigo sa pagdurugtong sa isang buhay ay wala nang luhang dumadaloy sa mga iyon.*
>
> *Natitiyak niya ang kasiyahang nadama ng kalilisang kaluluwa…*

Ang mga pahayag na ito ay *pahiwatig* na ang ama sa kuwento ay yumao o namatay na. Bagamat puno ng kalungkutan ang huling bahagi ng kuwento, nakamit naman ng lumisang ama ang tunay na kaligayahan. Tapos na rin ang kanyang paghihirap.

Narito ang iba pang halimbawa:

> Isa-isa niyang tiningnan ang mga nakapaligid sa kanya. Walang pagtutol sa mga mata ng mga ito. Ang nababakas niya'y paghanga. Ang nakita niya'y pangingimi.
>
> *Pinangingimian siya!*
>
> May luha siya sa mata ngunit may galak siyang nadama. Luwalhati. Hinagud-hagod niya ang mga kamao. Nadama niya ang bagong tuklas na lakas niyon. Ang tibay. Ang tatag. Ang kapangyarihan. Muli niyang tiningnan ang nakabulagtang si Ogor. Pagkaraa'y nakapikit at buka ang labing nag-angat siya ng mukha.
>
> Sa matinding sikat ng araw, tila siya isang mandirigmang sugatan, ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagihang larangan. (Rogelio Sikat, *Impeng Negro*)

Ano ang ipinahihiwatig ng bahaging ito ng kuwentong *Impeng Negro*?

Mahihinuhang maraming tao ang nakapaligid kay Ogor at sang-ayon sila sa ginawa ni Ogor na pagtatanggol sa kanyang sarili.

Ngunit maaaring itanong mo kung bakit ko ito nasabi? Ano ang mga patunay ko?

Pansinin ang mga ginamit na paglalarawan ng awtor kay Ogor:

> *May luha siya sa mata ngunit may galak siyang nadama. Luwalhati.*
>
> *Hinagud-hagod niya ang mga kamao.*
>
> *Nadama niya ang bagong tuklas na lakas niyon.*
>
> *Ang tibay. Ang tatag. Ang kapangyarihan.*
>
> *Muli niyang tiningnan ang nakabulagtang si Ogor. Pagkaraa'y nakapikit at buka ang labing nag-angat siya ng mukha.*

Hindi ba't ang lahat ng ito ay nagpapahiwatig ng pagiging tagumpay ng pangunahing bida na si Impen sa isang labanan?

Idinagdag pa ang paglalarawang ito:

> *Sa matinding sikat ng araw, tila siya isang mandirigmang sugatan, ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagihang larangan.*

Ang *matinding sikat* ay sumisimbolo sa galit ni Impen kay Ogor na matagal niyang kinimkim. Bagamat si Impen ay *mandirigmang sugatan* ngunit natuklasan niya ang kanyang kakayahan, ang kakayahang ipagtanggol ang sarili laban sa pang-aalipusta ng iba. Ito ay isang tagumpay para sa kanya. At hindi na siya papayag na muling apihin ninuman.

Ang katawan ni Don Teong ay halos lasug-lasog nang iuwi sa sa bayan at wasak ang suwiter sa katawan at saka pulinas. Kumilos agad ang maykapangyarihan upang gumawa ng kailangang pagsisiyasat subalit ang lahat ng matuwid ay nawalan ng halaga sa hindi kumikilos na ayos ng kalabaw na animo'y wala sa loob ang ginawa niyang napakalaking pagkakasala.

Nang malamang kay Marcos ang kalabaw, bawat isa'y hindi malaman kung papaanong ang poot ni Marcos kay Don Teong ay nagtungo sa alaga niyang hayop.

Si Marcos ay nakatingin din sa orasan nang gabing yaon. Tatlong minuto na lamang ang kulang sa ika-8 ng gabi. Hindi siya gumagalaw. Hindi siya nababahala.

Tumugtog ang *animas*. Hindi na gaya ng dating ayaw niyang marinig. Sa halip na idalangin ang kaluluwa ng mga namatay, ang naisip niya'y ang matapang niyang kalabaw.

"Mapalad na hayop na walang panginoon," ang kanyang naibulong.

(Deogracias A. Rosario, *Walang Panginoon*)

Ano ang ipinahihiwatig ng mga paglalarawan ng awtor kay Don Teong?

Pansinin ang mga sumusunod na paglalarawan:

*Ang katawan ni Don Teong ay halos lasug-lasog nang iuwi sa sa bayan.*

*Wasak ang suwiter sa katawan at saka pulinas.*

Sa halip na direktang sabihin na matindi ang ginawang pagpaslang kay Don Teong, ay inilarawan ito sa masining na pamamaraan. Pinagana ng awtor ang imahinasyon ng mambabasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang *lasug-lasog* ang katawan at *wasak ang suwiter.*

Ano naman ang ipinahihiwatig ng mga sumusunod na paglalarawan sa kuwento?

*Si Marcos ay nakatingin din sa orasan nang gabing yaon. Tatlong minuto na lamang ang kulang sa ika-8 ng gabi. Hindi siya gumagalaw. Hindi siya nababahala.*

Mahihinuhang ang hindi paggalaw o hindi pagkabahala ni Marcos ay nagpapahiwatig ng matinding galit ni Marcos kay Don Teong. Maaaring itanong mo kung ano ang patunay ko?

Pansinin ang paglalarawang ito ng awtor:

*Tumugtog ang animas. Hindi na gaya ng dating ayaw niyang marinig. Sa halip na idalangin ang kaluluwa ng mga namatay, ang naisip niya'y ang matapang niyang kalabaw.*

*"Mapalad na hayop na walang panginoon," ang kanyang naibulong.*

Hindi ba't sa halip na idalangin ang kaluluwa ni Don Teong sa pagtugtog ng kampana, ay mas naisip niya ang kanyang matapang na kalabaw. Marahil, hindi mo magugustuhan si Marcos sa bahaging ito, ngunit sa pamamagitan ng huli niyang pahayag na *"Mapalad na hayop na walang panginoon,"* mahihinuhang hindi mabuting tao si Don Teong at karapat-dapat lamang ang kanyang sinapit. Isipin mong walang taong may takot sa Diyos ang may kayang pumaslang sa kanya kundi isang hayop na walang Diyos o hindi naniniwala sa Diyos.

Batay sa aking ibinigay na mga halimbawa, masasabi mo bang mahalagang sangkap ng maikling kuwento ang paggamit ng mga *pahiwatig*? Paano ito nakatutulong upang maging masining ang isang kuwento?

Sa pamamagitan ng *pahiwatig*, napag-iisip ang mambabasa. Nagagamit niya ang kanyang malikhaing pag-iisip upang bigyang kahulugan ang mga pahayag o paglalarawan sa kuwento. Hindi lamang iisang *pahiwatig* ang matatagpuan sa isang kuwento. Madalas, gumagamit ang awtor ng maraming *pahiwatig*.

Ngayong naiintindihan mo na ang gamit ng mga simbolo/imahen at pahiwatig sa tula maging sa maikling kuwento, at nasasabi mo na rin ang nais iparating ng mga ito, maaari mo nang puntahan ang mga susunod na gawain. Makatutulong ito sa iyo upang lalo mo pang malinang ang kasanayang iyong natamo sa sub-araling ito.

Isang masayang pagsasagot!

**Gamitin**

I. Alamin ang simbolo/imahen ng lupa sa mga sumusunod na bahagi ng tula. Piliin ang sagot sa kahon. Isulat muli ang iyong sagot sa isang hiwalay na papel.

| | |
|---|---|
| a. buhay | d. kabataan |
| b. pagsamba sa Diyos | e. kamatayan |
| c. kasaganaan sa buhay | f. kabuhayan |
| | g. pag-ibig sa bayan |

_____1. Di na ako yaong basal na bahagi ng daigdig,
kundi lupang nalinang na ng kalabaw at ng bisig;
ang datihang pagka-gubat ay hinawan at nalinis.

- Lope K. Santos, *Ako'y si Bukid*

______2. Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagdalisay at pagdakila
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

- Andres Bonifacio, *Pag-ibig sa Tinubuang Lupa*

______3. Nakayapak, mahilig tayong tumahak sa lupa.
Lupang mahalumigmig, malambot, marangya.

- Lamberto E. Antonio, *Lupa*

______4. Hindi ko na ibig na maging halaman
na namumulaklak ng may bango't kulay.
At sa halip nito'y ibig ko na lamang
maging lupa ako't magsilbing taniman.

- David T. Mamaril, *Lupa at Halaman*

______5. Nakalaan akong
maglamay:
lupa ang simula ng lahat ng bagay,
diyan din sisibol
ang binhi ng bagong pag-asa at buhay.

- Amado V. Hernandez, *Lupa*

______6. Sa maghapon, tatlong ulit yumukod
Ang kaniyang palaspas pahalik sa lupa.

- Rio Alma, *Sa Panahon ng Babaylan*

Ano ang iyong napansin? Hindi ba't nagbabago ang simbolo/imahe ng lupa sa bawat tula?

Bawat makata'y may kanya-kanyang simbolo/imahen ng lupa. Kung kaya, bilang mambabasa, mahalagang taglayin mo ang kasanayang kumilala sa mga simbolo/imahen na piniling gamitin ng makata sa kanyang tula. Makatutulong ito upang maunawaan mo ang kabuuan ng tula.

Tandaan mong lagi na magkakaiba ang pagpapakahulugan ng mga manunulat sa mga bagay-bagay sa kanilang paligid. Magkakaiba ang kanilang mga pagtingin sa bagay na kung minsan ay pareho nilang ginamit sa kanilang mga akda.

Ngayon, puntahan naman natin ang *pahiwatig*.

II. Piliin mo sa loob ng kahon ang damdaming ipinahihiwatig ng mga tuwirang-banggit o dayalogo na galing sa mga maikling kuwento. Isulat na lamang ang titik ng iyong sagot.

| | |
|---|---|
| a. pagtatanong | f. pagtutol |
| b. panunuya | g. paghihimatong |
| c. pag-aalala | h. paniniyak |
| d. paninisi | i. pagbibilin |
| e. pagpapaliwanag | j. pagsang-ayon |

_____1. "Sisiyasatin muna kung totoong lahat ang inyong sinasabi. Kung tunay nga, kayo'y bibigyan ng gawain, ang inyong asawa'y ipagagamot at ang dalawa ninyong anak ay padadala sa bahay-ampunan."

(Clodualdo del Mundo, *Gutom*)

_____2. "Hindi ko madadala rito. Baka makagalitan ako ni Nanay. Kung gusto niyo'y sasabihin ko na lang kung ano ang tabas, kung ano ang tela, kung ano ang kulay, kung may laso o bulaklak."

(Fanny Garcia, *Sandaang Damit*)

_____3. "Baka magkasakit na kayo niyan. Hindi masamang tumulong sa kapwa, kaya lang, talagang malaki na ang ipinangayayat ninyong dalawa."

(Genoveva E. Matute, *Jesus, Nariyan Ka Pa Ba?*)

_____4. "Maski kapkapan n'yo ako, e, wala kayong makukuha sa akin," ang sabing pagatul-gatol na nilalabasan ng dugo sa ilong. "Hindi ko kinukuha ang inyong pitaka."

(Benjamin P. Pascual, *Ang Kalupi*)

_____5. "May dalawang oras na yata tayong naglalakad,a. Baka hindi natin nalalaman, e, nasa Siberia na tayo."

(Edgardo Reyes, *Lugmok na ang Nayon*)

_____6. "Talagang sira ang ulo mo? Kahusay-husay ng tayo mo rito, hahanap ka ng sakit ng katawan!"

(Liwayway A. Arceo, *Bakit Nagiging Banyaga ang Anak sa Sariling Tahanan?*)

_____7. "Eh, bakit parang karnabal? Ano't ang bawat libing ay nagtitimpalak sa maraming palamuti, sa ilaw at bulaklak? Hanggang dito ba naman ay umaabot ang kapalaluan ng tao?"

(Amado V. Hernandez, *Pagdidili-dili*)

_____8. "Kasalanan ninyo ang masalimuot na kasamaan ng panahong ito!" Isinigaw niya sa mukha ng matanda.

(Rosario De Guzman-Lingat, *Ano'ng Ginagawa Mo?*)

______9. "Oo, anak, mabait ang iyong Itay. Mahal ka niya, tulad din ng pagmamahal na iniuukol ko sa iyo."

(Domingo G. Landicho, *May Naghihintay na Pasko*)

______10. "Sa kanyang pagdating, Epang, huwag mong kalilimutang sabihing hinintay ko siya…hanggang huli…huwag mong kalilimutang sabihin, Epang…huwag mong kalilimutan…"

(Genoveva E. Matute, *Puti ang Kulay ng Pananalig*)

Ano ang iyong napansin sa mga dayalogo na kinuha ko sa iba'y ibang kuwento? Hindi ba't pinagsikapan mong alamin ang kahulugan o ang tunay na intensyon ng manunulat sa likod ng pahayag na ito?

Ito ang katangian ng *pahiwatig*, kailangan mong alamin ang tunay na kahulugan sa likod ng mga pahayag.

Ngayon, narito na ang wastong sagot sa gawaing ito.

Iwasto mo ang iyong sariling papel.

| I | II |
|---|---|
| 1. f | 1. e |
| 2. g | 2. f |
| 3. c | 3. c |
| 4. a | 4. h |
| 5. d | 5. b |
| 6. b | 6. g |
| | 7. a |
| | 8. d |
| | 9. j |
| | 10. i |

Kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay higit sa kalahati, maaari kang magpatuloy sa modyul na ito. Pero kung kulang sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, iminumungkahi kong balikan mo ang aking sinabi tungkol sa simbolo/imahen at pahiwatig, marahil may mga bahagi ng sub-aralin na hindi mo pa ganap na naiintindihan.

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, iyong natutunan ang pagbibigay-kahulugan sa mga simbolo o imahen ng isang akdang pampanitikan tulad ng tula. Natutunan mo na ring alamin ang tunay na kahulugan ng mga pahiwatig na taglay ng mga pahayag o dayalogo mula sa kuwento.

Napag-aralan mo na ang simbolo/imahen ay ang larawang-diwa (*imagery*) na nabubuo sa isipan ng mambabasa kapag binanggit ang isang bagay sa isang akda. Bukod sa literal na kahulugan ng isang bagay, mayroon pa itong mas malalim na kahulugan na maaaring maiugnay sa iba pa, tulad ng pag-uugnay nito sa buhay, pag-ibig, o kaya ay sa bayan. Isipin na hindi dapat malayo sa tunay na intensyon ng sumulat ang pagpapakahulugan sa mga bagay na ginamit sa akda.

Natutunan mo na rin ang pagbibigay-kahulugan sa mga pahiwatig ng mga pahayag. Ang pahiwatig ay istilong ginagamit ng mga manunulat upang sabihin sa paraang hindi tahasan o direkta ang kanilang gustong sabihin. Sa pamamagitan ng pahiwatig nagiging matimpi at kapana-panabik sa mga mambabasa ang isang akda. Nagagamit nila ang kanilang imahinasyon sa pagbibigay pagbibigay kahulugan sa akda.

Ang simbolo/imahen at pahiwatig ay mahahalagang sangkap ng isang akda. Sa pamamagitan ng mga ito, nagiging mas masining o malikhain ang isang akda.

Ngayong natutukoy mo na ang kahulugan ng mga simbolo/imahen at ng mga pahayag, sana ay maging dahilan ito upang magbasa ka pa ng iba pang akdang pampanitikan. Tiyak kong sa iyong pagbabasa, isang bagong mundo ang malilikha.

**Subukin**

I. Narito ang iba pang mga bagay na madalas ginagamit ng mga manunulat sa kanilang mga akda. Alamin ang simbolo/imahen ng mga ito kapag ginamit sa isang akda. Isulat ang titik ng iyong sagot sa isang hiwalay na papel.

| A | B |
|---|---|
| _______1. silid-aklatan | a. mahirap na buhay |
| _______2. ulan | b. kadiliman /kawalan ng pag-asa |
| _______3. bulaklak | c. matigas ang loob |
| _______4. kalapati | d. pagsubok/patibong |
| _______5. ilaw | e. pagmamahal/pag-ibig |
| _______6. bagyo | f. babae |
| _______7. bato | g. karunungan/kaalaman |
| _______8. gabi | h. ina ng tahanan |
| _______9. bukid | i. kasaganaan |
| _______10. alamang | j. kalungkutan/kabiguan |
| | k. kalayaan |

II. Piliin ang titik na nagpapaliwanag sa pahiwatig ng mga nakahilig na salita/parirala.

___1. Madali kasi siyang *napakagat sa pain*.

a. naloko　　b. napakain　　c. napahanga　　d. napaniwala

___2. Madali nilang nakamit ang tagumpay, *magkatalingpuso* kasi sila.

a. magkaibigan  b. magkasundo  c. mag-asawa  d. magkakilala

___3. Hindi niya matanggap ang *kasawiang-palad* na inabot ng kanyang pamilya.

a. aksidente
b. kamalasan
c. naputulan ng kamay
d. nawalan ng suwerte

___4. Magkasundung-magkasundo sila sa lahat ng bagay, pano'y *kumakain sila sa iisang pinggan.*

a. magkaibigan
b. ayaw maghugas ng pinggan
c. magkasalong palagi
d. iisang pinggan ang ginagamit

___5. Umuwi siya isang gabing parang *lantang bulaklak*.

a. walang lakas
b. hinang-hina
c. nawalan ng puri
d. nanlalata

___6. Di dapat silang magsama dahil sila ay parang *langis at tubig*.

a. nag-aasaran
b. laging nagbabangayan
c. mainit ang dugo sa isa't isa
d. magkaaway

Ngayon, iwasto mo ang iyong sariling papel. Narito ang mga wastong sagot sa gawaing ito.

| I. | II. |
|---|---|
| 1. g | 1. a |
| 2. j | 2. c |
| 3. f | 3. b |
| 4. k | 4. a |
| 5. h | 5. c |
| 6. d | 6. d |
| 7. c | |
| 8. b | |
| 9. i | |
| 10. a | |

Muli, kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay highit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang gawain sa PAUNLARIN. Ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, balikan mo ang ilan sa mga nakalipas na gawain sa sub-aralin na ito. Salamat!

**Paunlarin**

I. Piliin ang titik ng mga bagay na maaaring maging *simbolo* ng mga salita sa kaliwa. Isulat ang iyong sagot sa isang hiwalay na papel. Maaaring higit sa isa ang iyong sagot.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. PAG-IBIG | - | a. bulaklak | b. puso | c. panyo | d. awit |
| 2. BANSA | - | a. babae | b. ibon | c. bandila | d. mapa |
| 3. KABATAAN | - | a. binhi | b. libro | c. punla | d. puno |
| 4. KATANDAAN | - | a. kadiliman | b. orasan | c. puting buhok | d. kulubot na balat |
| 5. YAMAN | - | a. bukid | b. lupa | c. pera | d. talento |
| 6. PAG-ASA | - | a. bahaghari | b. ilaw | c. sanggol | d. bukangliwayway |
| 7. LUNGKOT | - | a. panyo | b. gabi | c. buwan | d. bangka |
| 8. SIGALOT | - | a. pula | b. dugo | c. bangkay | d. armas |

Narito ang isang tulang mayaman sa *pahiwatig*. Kung babasahin ang tula sa literal na pamamaraan, maaaring sabihing ito ay tula lamang tungkol sa pagkain ng paksiw na ayungin. Pero kung pakakaisiping mabuti, may iba pang malalim na sinasabi ang tula.

Handa ka na bang tuklasin ang mga nakatagong kahulugan sa bawat linya ng tula?

Narito ang isang tanyag na tulang "Ang Guryon" na isinulat ng isang mahusay na makata na si Ildefonso Santos. Basahin mo itong mabuti.

**Ang Guryon**
ni *Ildefonso Santos*

Tanggapin mo, anak, itong munting guryon
Na yari sa patpat at "Papel de Hapon"
Magandang laruang pula, puti't asul,
Na may pangalan mong sa gitna naroon.

Ang hiling ko lamang bago paliparin
Ang guryon mong itong ay pakatimbangin;
Ang dulo't palo'y sukating magaling
Nang hindi mag-ikit o kaya'y magkiling.

Saka, pag humihip ang hangin, ilabas

At sa papawiri'y bayaang lumipad;
Datapwat ang pisi'y tibayan mo, anak,
At baka lagutin ng hanging malakas

Ibigin ma't hindi, balang araw, ikaw
Ay mapapabuyong makipagdagitan;
Makipaglaban ka, subalit tandaan
Na ang nagwawagi'y ang pusong marangal.

At kung ang guryon mo'y sakaling madaig,
Matangay ng iba o kaya'y mapatid;
Kung saka-sakaling di na mapabalik
Maawaing kamay nawa ang magkamit!

Ang buhay ay guryon; marupok, malikot,
Dagiti't dumagit saan man sumuot…
O, paliparin mo't ihalik sa Diyos,
Bago patuluyang sa lupa'y sumubsob.

I. Ano ang isinisimbolo ng mga sumusunod? Sa isang hiwalay ng papel, isulat ang titik ng iyong sagot.

| A | B |
|---|---|
| _______1. munting guryon | a. matulungin/mapakalinga |
| _______2. papawirin | b. pagkakaroon ng pasensya/pagiging matiyaga |
| _______3. pisi | c. pag-ibig |
| _______4. hanging malakas | d. mga gintong aral |
| _______5. maawaing kamay | e. pagiging mapagkumbaba |
| _______6. lupa | f. buhay |
| | g. suliranin sa buhay/pagsubok |

II. Ano naman ang ipinahihiwatig ng mga sumusunod na linya mula sa tulang "Ang Guryon"? Isulat lamang ang titik ng iyong sagot.

___1. Tanggapin mo, anak, itong munting guryon
Na yari sa patpat at "Papel de Hapon"
  a. pamanang materyal na bagay
  b. regalong saranggola
  c. gintong aral na magagamit sa buhay
  d. sermon o pangaral

___2. Magandang laruang pula, puti't asul
Na may pangalan mong sa gitna naroon

a. ibinibigay ng ama ang lahat ng naisin ng anak
b. espesyal ang guryon na bigay ng ama
c. hindi kailanman mangyayaring malilimutan ng ama ang sariling anak
d. maraming kulay ang guryon

___3. Saka pagsumimo'y ang hangin, ilabas
Na sa papawiri't bayaang lumipad

a. tumuklas pa ng mabubuting bagay o kaalaman
b. mangarap at makipagsapalaran
c. samantalahin ang hangin upang makalipad
d. iwasan ang pagiging mahangin o mayabang

___4. Ibigin ma't hindi, balang araw, ikaw
Ay mapapabuyong makipagdagitan

a. mahalagang maing matapang sa labanan
b. darating ang panahong kailangang makipaglaban sa hamon ng buhay
c. hindi dapar isipin ang pagkatalo
d. ang buhay ay puno ng suliranin at kailangan itong lutasin

___5. Makipaglaban ka, subalit tandaan
Na ang nagwawagi'y ang pusong marangal

a. hindi masama kung minsan ay maging masama
b. hindi nagwawagi ang gumagawa ng masama
c. ang makipaglaban ay gawain lamang ng masasama
d. ang tapat at mabuti ang laging nagtatagumpay

___6. At kung ang guryon mo'y sakaling madaig,
Matangay ng iba o kaya'y mapatid;

a. maligaw ng landas
b. makalimot sa mga pangaral ng magulang
c. kung sakaling maging bigo sa buhay o sa pakikipagsapalaran
d. mahina ang pagkakagawa ng saranggola

___7. Kung saka-sakaling di na mapabalik
Maawaing kamay nawa ang magkamit!

a. kunin ng ibang masamang kamay
b. pagkuha ng mga bagay na pag-aari ng iba
c. saan man mapadpad, isang may mabuting loob sana ang mag-alaga
d. sa mabubuting tao napupunta ang mabuti ring tao

___8. Ang buhay ay guryon; marupok, malikot,
Dagiti't dumagit saan man sumuot…

a. mahirap ang mabuhay
b. ang buhay ay puno ng pasakit o suliranin
c. kailangang pag-ingatan ang buhay
d. bahagi ng buhay ang tagumpay at kasawian

___9. O, paliparin mo't ihalik sa Diyos,
Bago patuluyang sa lupa'y sumubsob.

a. lahat ng tao ay mamamatay
b. lagi't lagi may bagong simula
c. maging mapagkumbaba marating man ang tagumpay
d. huwag kalilimutan ang Diyos, ang tagumpay man o kabiguan

Tapos ka na bang magsagot? Kung tapos ka na, maaari mo nang iwasto ang iyong papel. Tingnan kung ganito ang iyong mga sagot:

| I | II | |
|---|---|---|
| 1. d | 1. c | 7. c |
| 2. f | 2. c | 8 d |
| 3. b | 3. b | 9. d |
| 4. g | 4. b | |
| 5. a | 5. d | |
| 6. e | 6. c | |

Kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay higit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang susunod na gawain. Ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhangamang sagot, hinihiling kong balikan mo ang katatapos na aralin. Marahil ay hindi mo pa lubusang naiintindihan ang aralin. Para rin ito sa iyo.

Dito nagtatapos ang ating aralin. Nawa'y marami kang natutunan sa sub-aralin na ito. Marahil sa iyong pagbabasa pa ng ibang mga akdang-pampanitikan, tulad ng tula at maikling kuwento, ay lubos mo na itong maiintindihan.

Tulad ng nasabi ko, sa pagbabasa marami kang matutuklasang magagandang bagay na magpapayaman sa iyong kaisipan. Lalawak din ang iyong pananaw sa buhay. Sa pagbabasa rin, makapupunta tayo sa isang lugar na tahimik at may kapayapaan. May kakayahang ang panitikan upang dalhin tayo sa ibang mundo. Nagagawang posible ng panitikan ang mga imposible sa buhay.

Isang masayang pagbabasa para sa iyo.

Kita-kita tayo sa susunod na aralin.

Salamat!

## Sub-Aralin 2

### Pagtukoy ang mga *Keywords* na Nagpapakilala ng Paksa, Proposisyon, Positiv at Negativ na Pahayag

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. natutukoy ang mga *keyword* na nagpapakilala ng paksa, proposisyon positiv at negativ na pahayag

2. nabibigyang kahulugan ang mga salita ayon sa kahulugang *konotasyon* at *denotasyon*

3. napahahalagahan ang aral ng kuwentong binasa at naiiugnay ito sa kasalukuyang sitwasyon

**Alamin**

Marahil, malimit kang makakita ng mga batang-lansangan. Nakararamdam ka ng lungkot sa tuwing makikita mo silang namamalimos, sumasabit sa mga dyip upang magpunas ng mga sapatos ng mga pasahero, natutulog sa mga kalye, at nanlilimahid sa sobrang dumi. Gusto mo silang tulungan pero hindi mo alam kung paano.

Narito ang isang kuwento na tumatalakay sa buhay ng isang batang-lansangan. Basahin mo itong mabuti at pagkatapos mo itong mabasa, ibigay ang mga aral na iyong nakamit na maaari mong magamit sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Isang masayang pagbabasa sa iyo, Kaibigan!

**Linangin**

**MAY GULONG NA BAHAY***
ni Genaro R. Gojo Cruz

IBANG-IBA SA ibang bahay ang aming bahay. Wala itong malaking haligi at mataas na bubong. Wala rin itong bintana at pinto na kailangang isara kapag kami ay natutulog. Pero kahit ganito ang aming bahay, bahay pa rin ito para sa amin ni Tatay.

Magaling magmaneho ng aming bahay ang aking Tatay. Kahit sa maliit na iskinita, kayang-kaya niyang sumingit. Kahit sa pagitan ng mga sasakyan, nakakalusot kami ng walang gasgas o daplis. At kapag gusto naman naming umidlip, ipaparada lang ito ni Tatay. Minsan sa ilalim ng isang puno sa parke, minsan sa likod ng palengke, at minsan naman sa isang *waiting shed* na bakante. Gustung-gusto kong magmaneho si Tatay. Masarap sa tenga ang businang-sipol niya. Di tulad ng drayber ng mga kaskaserong dyip na nakabibingi ang busina.

Kahit saan kami magpunta, lagi naming kasama ni Tatay ang aming Bahay. May gamit din naman ang aming bahay tulad ng ibang bahay. May dalawa kaming pinggan, dalawang baso, isang kutsara't platito, isang maliit na kaldero at yuping takure. May isang kahon din kami ng damit, isang boteng makulay at may kakaibang hugis, pati litrato ng iba't ibang tao.

PAG GABI NA.

"Aking Bunsong-bulinggit, sumampa na't aking ikakabit ang bubungan nating plastik," ang sasabihin ni Tatay.

Sa aking pagtulog, laging may kwento si Tatay.

Sabi ni Tatay, noon daw, noong matagal na matagal na, lahat daw ng bahay ay pareho ng aming bahay. Lahat ng tao, nagtutulak ng bahay. Pero naging tamad daw ang mga tao, ayaw nilang magtulak ng kanilang bahay. Kaya huminto na sila sa isang lugar. Ngayon, konti na lang ang tulad ng aming bahay. Sabi ni Tatay, gusto na rin niyang itigil ang aming bahay sa isang lugar, pero ubos na raw ang lupa.

At sa pagtulog, kitang-kita sa bubungan naming plastik ang malawak na langit.

PAG-UMAGA NA.

"Aking Bunsong-bulinggit, gising na't aking aalisin ang bubungan nating plastik", ang sasabihin ni Tatay.

Mag-iinit si Tatay ng tubig sa takure at bibili ng apat na pandesal sa malapit na panaderya. Hihigop kami ng kape at kakain ng mainit na pandesal.

"Ngayon ay araw ng linggo kaya magsisimba tayo sa Binondo'" ang balita sa akin ni Tatay.

Naligo kami ni Tatay sa tubig na galing sa butas ng tubo. Ang lamig-lamig ng tubig. Tapos, kinusut-kusot ni Tatay ang mga hinubad naming damit.

IPINARADA MUNA ni Tatay ang aming bahay sa gilid ng simbahan. Hawak ni Tatay ang aking kamay nang pumasok kami sa lumang simbahan.

Ang laki ng bubong ng simbahan, ang taas ng mga dingding, may mga ibon pang lumilipad at naghahabulan, ang ganda ng damit 'nung nasa altar, parang damit 'nung mga bata na nakita ko sa santakrusan.

Si Tatay, tahimik na tahimik. Nakatingin sa may magagandang damit sa altar habang nakaluhod.

Pagkatapos, lumabas kami ni Tatay. Pero laking gulat namin, nawawala ang aming bahay!

"Naku! Bunso ko, may kumuha ng ating bahay!"

"Sinong kumuha Tay?"

"Kinuha ng mga Tanod kanina. Nandun!" ang biglang_sabi ng babaeng nagtitinda ng kandila't rosaryo.

Tumakbo kami ni Tatay patungo sa itinuro ng babae. At nakita nga namin, hatak-hatak ng isang puting sasakyan ang aming bahay, kadugtong ng iba pang bahay na tulad ng aming bahay.

"Hayaan mo Bunso, babawiin natin ang ating bahay."

PINUNTAHAN NAMIN ni Tatay ang aming bahay sa Baranggay. Nakita ko ang bahay namin, nakaparada lang sa isang tabi. Nilapitan namin ang isang lalaking parang buntis ang tiyan.

"Kelangan kang magbayad ng multa," ang sabi ng lalaki.

"Wala po akong ibabayad sa multa," ang sabi ni Tatay.

"Lugi naman 'yung iba!" sabay singa ng lalaki sa nakabukas na bintana.

"Ipapangako ko na lang po na itatabi ko nang maayos sa susunod," pangako ni Tatay.

“Di pupwede!” ang malakas na sabi ng lalaki.

Umalis na kami ni Tatay.

“Hayaan mo Bunso, mababawi rin natin ang ating bahay,” ang sabi sa akin ni Tatay.

‘NUNG GABI, sa gilid ng isang tindahang sarado kami nahiga ni Tatay. Di ako makatulog. Kahit anong gawin ko, di pa rin ako makatulog. Iniisip ko ang aming bahay, ang aming mga gamit. Ang dalawa naming panggan at baso, ang aming kutsara’t platito, ang aming kaldero’t takure, ang kahon ng aming damit, ang boteng makulay at pati ang mga litrato.

Paggising namin, walang mainit na kape, walang mainit na pandesal.

SA BUONG maghapon, nagkargador si Tatay. Isinama ako ni Tatay minsan. Pagkatapos na maibaba ang lahat ng gulay, ng mga karne naman, ng mga damit, ng mga tela, ng mga bihon at harina, ng mga mantel, batya at palanggana kaya paghapon na, hapung-hapo si Tatay. Pinaiwan na lang ako ni Tatay sa harap ng simbahan. Tapos bukas uli, bukas uli at bukas uli.

“Huwag kang lalayo, ‘pag-uwi ko masarap na tukneneng ang pasalubong ko,” ang bilin sa akin ni Tatay.

Iniisip ko pa rin ang aming may gulong na bahay.

AT ISANG hapon, laking gulat ko nang iparada ni Tatay sa aking harapan ang aming bahay. Isang drayber na uli si Tatay, nabawi na rin namin ang aming bahay. Isa-isa kong tinignan ang aming mga gamit.

“Sa wakas!” ang nasigaw ko.

Pinasakay ako ni Tatay sa aming bahay at saka niya ito minaneho patungo sa aming pinagliliguan. Inalis namin ang aming mga gamit at saka inisis ni Tatay ang loob at labas, ako naman sa manibela. Sinabon at saka binuhusan ng tubig. Tapos naging matingkad na asul ang aming bahay.

“Ang bangong higaan!” ang lumabas sa aking bibig.

MULA NOON, lagi kong binabantayan ang aming bahay. Ako rin ang nagpapaalala kay Tatay kung bawal itong iparada.

Tuwing gabi, di pa rin nauubos ang kwento ni Tatay tungkol sa mga may gulong na bahay.

At habang nakahiga kami sa mabangong higaan at natatanaw ang malawak na langit, ay sinabi ni Tatay,

"Ngayon, aking Bunso, hinding-hindi na mahihiwalay sa atin ang ating munting bahay, ang ating mabango at may gulong na bahay."

Habang bumababa ang mga asul na ulap.

*(Alay ko kay Cecille Tan, ang batang nakatira sa may gulong na bahay na laging nakaparada sa gilid ng Simbahan ng Binondo.)*

**** Karangalang Banggit,** 2004 PBBY – Salanga Prize*

Ang iyong binasa ay isang maikling kuwento. Tulad ng pagluluto ng ulam, ang maikling kuwento ay mayroon ding sangkap upang ito ay maging isang ganap na kuwento. Alam mo ba ang mga sangkap na ito?

Isa sa mga sangkap ng maikling kuwento ay ang *paksa*. Kung minsan tinatawag din itong *tema*. Ano ba ang *paksa*? Paano mo matutukoy ang *paksa* ng isang kuwentong iyong binasa?

Ang *paksa* ay ang pangunahing kaisipan ng kuwento na nais ipabatid ng may-akda sa mambabasa. Bagamat hindi direktang sinasabi ng may-akda ang *paksa* ng kanyang akda, madali pa rin itong matutukoy dahil sa mga *keyword* na ginamit niya. Ang *keyword* ay mga tanda o ibang salita na ginagamit ng may-akda upang lalong magpalutang sa kanyang *paksa*.

Halimbawa:

Basahin ang bahaging ito ng kuwento:

> *IBANG-IBA SA ibang bahay ang aming bahay. Wala itong malaking haligi at mataas na bubong. Wala rin itong bintana at pinto na kailangang isara kapag kami ay natutulog. Pero kahit ganito ang aming bahay, bahay pa rin ito para sa amin ni Tatay.*

Ano ang *paksa* ng bahaging ito ng kuwento?

Ang *bahay* ang *paksa* ng bahaging ito ng kuwento. Pero kung pag-iisipang mabuti, hindi lamang tungkol sa bahay ang paksa ng bahaging ito ng kuwento. Ang bahay lamang ang inilalarawan sa bahaging ito.

Alin sa sumusunod ang sa palagay mo ay *paksa* ng bahaging ito ng kuwento?

- kakaibang bahay na tinitirhan ng bata
- kawalan ng bubong, bintana, at pinto ng bahay na tinitirhan ng bata
- kawalan ng maayos na bahay/tirahan dahil sa kahirapan
- masayang paglalarawan ng bata sa kanilang bahay

Kung ang iyong napili ay ang ika-3, tama ka.

Anu-anong mga *keyword* ang ginamit ng may-akda upang masabing ang paksa ng bahaging ito ng kuwento ay *kahirapan*?

Isa-isahin mo nga ang mga *keyword* na ginamit ng awtor.

Kung ang mga *keyword* na natukoy mo ay tulad ng mga sumusunod, tama ka.

*Ibang-iba sa ibang bahay*

*Walang haligi at mataas na bubong*

*Walang bintana at pinto*

Ito ay mga *keyword* na nagpapatunay na *kahirapan* ang *paksa* ng bahaging ito ng kuwento.

Saan ka nga ba makakakita ng bahay na walang haligi, bubong, bintana, at pinto? Hindi ba't sa kuwento lamang na ito na ang mag-ama ay nakatira sa kariton, na itinuturing nilang kanilang bahay? Ngunit kariton man ang bahay nila, bahay pa rin ito para sa bata.

Bukod sa pagtukoy sa *keyword* upang matukoy ang *paksa*, maaari ring magamit ang *keyword* upang matukoy ang proposisyong positiv at negativ na pahayag.

Ano ba ang *proposisyon*?

Ang *proposisyon* ay isang pahayag na nagbibigay ng mungkahi. Kadalasang ang mga *keyword* na positivo na ginagamit dito ay *nararapat*, *naniniwala*, *ganito*, *dapat*, at iba pa.

Bukod sa positiv, mayroon ding negativ na pahayag. Ang *negatibong pahayag* ay gumagamit ng mga salitang nagpapahayag ng pagtanggi, halimbawa nito ay *hindi/di*, *ayaw/ayoko*, at iba pa. Ginagamit din dito ang mga salitang nagpapapahayag ng pagsalungat tulad ng *di sang-ayon*, *pero*, *ngunit*, at iba pa.

Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang positiv at alin naman ang negativ?

1. “Di pupwede!”
2. “Kelangan kang magbayad ng multa.”
3. “Wala po akong ibabayad sa multa.”
4. “Hayaan mo Bunso, babawiin natin ang ating bahay.”
5. Di ako makatulog.

Ang mga pangungusap bilang 2 at 4 ay positiv at ang mga pangungusap bilang 1, 3 at 5 naman ay negativ.

Malinaw na ba sa iyo ang proposisyong positiv at negativ? Natutukoy mo na bang kung alin ang positiv at negativ na pahayag?

Kung hindi pa, pag-aralan ang susunod na kadalasang ginagamit bilang panimula upang maipahayag ang positiv at negativ na opinyon ukol sa isang isyu.

1. Ganap na pagsang-ayon sa sinasabi ng iba
   *Lubos ang akong sumasang-ayon sa…*
   *Sang-ayon ako sa…*

2. Sumasang-ayon pero may alinlangan
   *Sinasang-ayunan ko ang ginawa nila, ngunit…*
   *May katwiran sila, pero…*

3. Di pagsang-ayon nang lubusan
   *Di ako naniniwala sa…*
   *Hindi makatao ang kanilang …*
   *Di makatarungan ang …*

4. Magalang na pagsalungat
   *Posibleng tama sila, ngunit …*
   *Iginagalang ko ang ginawa nila, subalit …*
   *Naiintindihan sana ng …*

5. Sumasalungat o sumasang-ayon
   *Sumasang-ayon ako sa ginawa nila, pero…*
   *May dahilan sila, ngunit …*

Inuulit ko, ang mga ito ay maaari mong gamitin sa pagpapahayag. Ang mga ito ay mga *keyword* na magagamit sa positiv at negativ na pagpapahayag. Mahalaga lamang na siguruhin mong ginamit mo ito sa tiyak at wastong sitwasyon.

Halimbawa:

Basahin ang bahaging ito ng kuwento at magpahayag ng sariling saloobin pagkatapos.

> *Pagkatapos, lumabas kami ni Tatay. Pero laking gulat namin, nawawala ang aming bahay!*
>
> *"Naku! Bunso ko, may kumuha ng ating bahay!"*
>
> *"Sinong kumuha Tay?"*
>
> *"Kinuha ng mga Tanod kanina. Nandun!" ang biglang_sabi ng babaeng nagtitinda ng kandila't rosaryo.*
>
> *Tumakbo kami ni Tatay patungo sa itinuro ng babae. At nakita nga namin, hatak-hatak ng isang puting sasakyan ang aming bahay, kadugtong ng iba pang bahay na tulad ng aming bahay.*
>
> *"Hayaan mo Bunso, babawiin natin ang ating bahay."*

Kung positiv ang iyong pahayag sa sitwasyong kinuha ng mga tanod ang bahay na kariton ng mag-ama, alin sa mga sumusunod na *keyword* o panimula ang iyong gagamitin? Alin naman ang iyong gagamitin kung ganap na pagsalungat o negativ ang iyong tugon?

1. *May katwiran sila, pero –*
2. *Sang-ayon ako sa –*
3. *Di ako naniniwala sa –*
4. *Hindi makatao ang kanilang–*
5. *Sinasang-ayunan ko ang ginawa nila, ngunit –*
6. *Di makatarungan ang –*
7. *Lubos ang akong sumasang-ayon sa –*

Kung ang iyong sagot ay tulad nito, tama ka

Bilang 2 at 7 para sa positibong pahayag o pagsang-ayon.

Bilang 3 at 6 naman para sa negatibong pahayag o ganap na pagsalungat.

Ang mga ito ay mga *keyword* na maaari mong magamit bilang panimula upang maipahayag mo ang iyong saloobin ukol sa isang isyu.

Isa sa mga susi upang maintindihan ang kabuuan ng isang kuwento ay nasa pag-unawa rin sa kahulugan ng mga salitang ginamit ng may-akda. May dahilan ang may-akda sa paggamit niya ng bawat salita sa kanyang kuwento. Bagama't hindi direktang sinasabi ng may-akda ang kanyang intensyon sa paggamit ng mga salitang ito, mahihinuha ng mambabasa ang dahilan sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahulugan at kaugnayan ng salita sa kabuuan ng kuwento.

May dalawang paraan upang mabigyang kahulugan ang mga salita. Ito ay sa pamamagitan ng *denotasyon* at *konotasyon*g pagpapakahulugan.

Ano ba ang *denotasyon*?

Kung pag-uusapan ang pagkakahulugan ng isang salita, karaniwan nang tinutukoy ay ang literal o konseptwal nitong kahulugan. Ito ay ang kahulugang nag-uugnay sa salita sa isang bagay, tao, lugar, o pangyayari. Ang ganitong pagpapakahulugan sa salita ay tinatawag *denotasyon*.

Halimbawa:

Ang *denotasyong kahulugan* ng salitang *bahay* ay *tirahan ng tao* – isang gusali na itinayo upang maging proteksyon ng tao.

Malinaw na ba sa iyo ang *denotasyon*?

Lagi mo lamang tatandaan na kapag *denotasyon*, nananatili ang literal na kahulugan ng salita sa anumang konteksto ito gamitin. Hindi nawawala ang sentral o pangunahing kahulugan ng salita.

Ano naman ang *konotasyon*?

Bukod sa *denotasyong kahulugan*, ang salita ay maaari ring magtaglay ng *konotasyong kahulugan*. Sa uring ito, ang isang salita ay maaaring magtaglay ng iba pang mas malalim na kahulugan bukod sa literal nitong kahulugan.

Halimbawa:

Ang *konotasyong kahulugan* ng salitang *bahay* ay *kaligayahan*.

Maaaring itanong mo kung bakit naging *kaligayahan* ang kahulugan ng salitang *bahay*?

Kung pagbabatayan natin ang kuwentong "May Gulong na Bahay," hindi ba't naging malungkot ang bata nang kunin ng barangay ang kanilang bahay? Hindi man ito direktang sinabi ng may-akda, mahihinuhang ang *may gulong na bahay* ng mag-ama ang nagdudulot ng saya sa bata. Kung kaya, masasabing ang *konotasyong kahulugan* ng bahay ay *kaligayahan*.

Naiintindihan mo na ba ang *konotasyon*? At ang pagkakaiba nito sa *denotasyon*?

Tandaan mo lamang na sa *konotasyon,* maaaring magtaglay ng mga pahiwatig o emosyonal na kahulugan ang isang salita. Ang salitang *bahay* ay maaaring magtaglay ng ibang *konotasyong*

*kahulugan* sa ibang akda, ayon sa intensyon o layunin ng may-akda. Sa pagpapakahulugang ito, nagbabago ang kahulugan ng salita ayon sa konteksto ng pagkakagamit nito. Madalas, itinatago ng may-akda ang kahulugan ng isang salita sa kanyang akda. Dahil dito, nahihikayat ang mambabasa na mag-isip at tuklasin ang kahulugan ng salita sa isang akda.

Ano ang denotasyon at konotasyong kahulugan ng *simbahan* sa kuwentong "May Gulong na Bahay"?

*Denotasyon*

Simbahan – isang banal na lugar na pinupuntahan ng mga tao upang magsimba o magdasal.

*Konotasyon*

Simbahan – pinagkukunan ng pag-asa ng ama sa kuwento

Malinaw na ba sa iyo ang araling itinuro ko sa sub-aralin na ito? Naghanda ako ng mga gawain para sa iyo upang lalo mo pang mahasa ang iyong kasanayang natamo.

**Linangin**

I. Tukuyin ang ***paksa*** ng mga sumusunod na bahagi ng kuwentong iyong binasa. Sa isang hiwalay na papel, isulat mo ang iyong mga sagot.

____1. SA BUONG maghapon, nagkargador si Tatay. Isinama ako ni Tatay minsan. Pagkatapos na maibaba ang lahat ng gulay, ng mga karne naman, ng mga damit, ng mga tela, ng mga bihon at harina, ng mga mantel, batya at palanggana kaya paghapon na, hapung-hapo si Tatay.

a. masipag ang ama ng bata
b. nagtrabaho ang ama ng bata
c. pagod na pagod ang ama ng bata
d. maraming ibinababang kalakal ang ama ng bata

____2. AT ISANG hapon, laking gulat ko nang iparada ni Tatay sa aking harapan ang aming bahay. Isang drayber na uli si Tatay, nabawi na rin namin ang aming bahay. Isa-isa kong tinignan ang aming mga gamit.
"Sa wakas!" ang nasigaw ko.

a. may bahay na uli ang mag-ama
b. nabawi na ng ama ang kanilang bahay
c. sinorpresa ng ama ang kanyang anak
d. nagsikap ang ama upang mabawi ang kanilang bahay

_____3. ‘NUNG GABI, sa gilid ng isang tindahang sarado kami nahiga ni Tatay. Di ako makatulog. Kahit anong gawin ko, di pa rin ako makatulog. Iniisip ko ang aming bahay, ang aming mga gamit.

a. maselan ang bata
b. nalulungkot ang bata sa kanilang kalagayan
c. nangangamba ang bata na baka di na nila mabawi ang kanilang bahay
d. hindi sanay ang bata na matulog sa gilid ng saradong tindahan

_____4. Ang laki ng bubong ng simbahan, ang taas ng mga dingding, may mga ibon pang lumilipad at naghahabulan, ang ganda ng damit ‘nung nasa altar, parang damit ‘nung mga bata na nakita ko sa santakrusan.

a. naiinggit ang bata sa ganda ng simbahan
b. ikinukumpara ng bata ang kanilang bahay sa simbahan
c. gusto ng bata na maging tulad ng simbahan ang kanilang bahay
d. humahanga ang bata sa kagandahan ng simbahan

_____5. Pinasakay ako ni Tatay sa aming bahay at saka niya ito minaneho patungo sa aming pinagliliguan. Inalis namin ang aming mga gamit at saka inisis ni Tatay ang loob at labas, ako naman sa manibela. Sinabon at saka binuhusan ng tubig. Tapos naging matingkad na asul ang aming bahay.

a. lilinisin ng mag-ama sa kanilang bahay
b. masaya ang ama dahil nabawi na nila ang kanilang bahay
c. sabik na sabik ang mag-ama sa kanilang bahay
d. malinis sa bahay ang mag-ama

II. Isulat kung positiv o negativ ang mga sumusunod na pahayag/pangungusap mula sa kuwentong binasa:

____________1. Di tulad ng drayber ng mga kaskaserong dyip na nakabibingi ang busina.
____________2. “Ngayon, aking Bunso, hinding-hindi na mahihiwalay sa atin ang ating munting bahay, ang ating mabango at may gulong na bahay.”
____________3. Paggising namin, walang mainit na kape, walang mainit na pandesal.
____________4. “Hayaan mo Bunso, babawiin natin ang ating bahay.”
____________5. Pero naging tamad daw ang mga tao, ayaw nilang magtulak ng kanilang bahay.

III. Piliin sa ibaba ang *denotasyon* at *konotasyong* kahulugan ng mga sumusunod na salita batay sa kuwentong iyong binasa.

| | | |
|---|---|---|
| tirahan/bahay | kahirapan | nakikita sa langit |
| pangarap | pag-asa | bahay-dalanginan |
| kapalaran | proteksyon sa hamog | destinasyon/pupuntahan |
| pag-ibig | kaligtasan | kapahamakan |

| Salita | *Denotasyon* | *Konotasyon* |
|---|---|---|
| 1. simbahan | | |
| 2. ulap | | |
| 3. kariton | | |
| 4. manibela | | |
| 5. bubungang plastik | | |

Tapos ka na ba? Narito ang mga wastong sagot. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

| I | II | III |
|---|---|---|
| 1. b | 1. negativ | 1. bahay-dalanginan;pag-asa |
| 2. b | 2. positiv | 2. nakikita sa langit;pangarap |
| 3. c | 3. negativ | 3. tirahan/bahay;kahirapan |
| 4. d | 4. positiv | 4. destinasyon/pupuntahan;kapalaran |
| 5. a | 5. negativ | 5. proteksyon sa hamog;kaligtasan |

Kung ang iyong nakuha sa gawaing ito ay higit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang susunod na gawain, ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, hinihikayat kitang balikan ang ating isinagawang pagsasanay. Marahil, may mga bahaging Malabo pa sa iyo.

Salamat!

**Gamitin**

Narito ang mahahalagang bahagi ng iyong kuwentong binasa. Magbigay ng positiv at negativ na pahayag sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga *keyword*. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

> SA BUONG maghapon, nagkargador si Tatay. Isinama ako ni Tatay minsan. Pagkatapos na maibaba ang lahat ng gulay, ng mga karne naman, ng mga damit, ng mga tela, ng mga bihon at harina, ng mga mantel, batya at palanggana kaya paghapon na, hapung-hapo si Tatay. Pinaiwan na lang ako ni Tatay sa harap ng simbahan. Tapos bukas uli, bukas uli at bukas uli.

1. *Bumilib ako sa ginawa ng ama dahil* ______________________________________________

______________________________________________________________________

2. *Hindi ko nagustuhan ang desisyon ng ama sapagkat* ________________________________

______________________________________________________________________

Sabi ni Tatay, noon daw, noong matagal na matagal na, lahat daw ng bahay ay pareho ng aming bahay. Lahat ng tao, nagtutulak ng bahay. Pero naging tamad daw ang mga tao, ayaw nilang magtulak ng kanilang bahay. Kaya huminto na sila sa isang lugar. Ngayon, konti na lang ang tulad ng aming bahay. Sabi ni Tatay, gusto na rin niyang itigil ang aming bahay sa isang lugar, pero ubos na raw ang lupa.

3. *Nakatutuwa ang ikinuwento ng ama sa kanyang anak, kung kaya* ____________________________

________________________________________________________________________________

4. *Sa aking palagay, ginawang palusot ng ama ang kuwentong ito kaya* ________________________

________________________________________________________________________________

Kahit saan kami magpunta, lagi naming kasama ni Tatay ang aming Bahay. May gamit din naman ang aming bahay tulad ng ibang bahay. May dalawa kaming pinggan, dalawang baso, isang kutsara't platito, isang maliit na kaldero at yuping takure. May isang kahon din kami ng damit, isang boteng makulay at may kakaibang hugis, pati litrato ng iba't ibang tao.

5. *Hinahangaan ko ang mag-ama dahil* ____________________________________________________

________________________________________________________________________________

6. *Nakakaawa ang kalagayan ng mag-ama, pero* ____________________________________________

________________________________________________________________________________

Gustung-gusto kong magmaneho si Tatay. Masarap sa tenga ang businang-sipol niya. Di tulad ng drayber ng mga kaskaserong dyip na nakabibingi ang busina.

7. *Sang-ayon akong taglay ng bata ang makulay na karanasan sa buhay kaya* ___________________

________________________________________________________________________________

8. *Di dapat makuntento ang ama sa kanilang kalagayan, kailangang* ___________________________

________________________________________________________________________________

MULA NOON, lagi kong binabantayan ang aming bahay. Ako rin ang nagpapaalala kay Tatay kung bawal itong iparada.

9. *Talagang may maganda at positibong pananaw sa buhay ang bata dahil* ____________________
______________________________________________________________________________

10. *Tunay na mahalaga sa bata ang kanilang kariton, kaya lang, sana ay*_______________________
______________________________________________________________________________

Matapos mong kumpletuhin ang mga *keyword* upang maipahayag ang iyong positibo at negatibong pahayag, ipakita mo ang iyong papel sa iyong guro. Siya ang magsasabi kung alin ang wasto at alin ang mali sa iyong mga isinulat.

**Lagumin**

Sa sub-aralin na ito, pinag-aralan mo ang pagtukoy sa mga *keywords* na nagpapakilala paksa, proposisyon positiv at negativ na pahayag.

Ang *keywords* ay mga salita na gumaganap bilang mga tanda na na ginamit ng may-akda upang mapalutang ang kanyang intensyon sa pagpapahayag o upang mapalutang ang kanyang *paksa*.

Ang *paksa* naman ay ang pangunahing kaisipan ng kuwento na nais ipabatid ng may-akda sa mambabasa. Bagamat hindi direktang sinasabi ng may-akda ang *paksa* ng kanyang akda, madali pa rin itong matutukoy dahil sa mga *keywords* na ginamit niya.

Natutunan mo rin ang ukol sa *proposisyon*. Ito ay mga pahayag na nagbibigay ng mungkahi. Kadalasang ang mga *keywords* na positiv na ginagamit dito ay *nararapat*, *naniniwala*, *ganito*, *dapat*, at iba pa. Bukod sa positiv ay mayroon ding negativ na gumagamit ng mga salitang nagpapahayag ng pagtanggi, halimbawa, *hindi/di*, *ayaw*/*ayoko*, at iba pa. Ginagamit din dito ang mga salitang nagpapapahayag ng pagsalungat tulad ng *di sang-ayon*, *pero*, *ngunit*, at iba pa.

Bukod sa mga ito, sinikap mo ring basahin ang kuwento "May Gulong na Bahay" na gumamit ng mga salitang binigyan mo ng kahulugan ayon sa *denotasyon* at *konotasyong* nitong kahulugan.

Ang *denotasyon* ay ang literal o konseptwal na kahulugan ng isang salita. Ito ay ang kahulugang nag-uugnay sa salita sa isang bagay, tao, lugar, o pangyayari. Ang kahulugan ng isang salita ay kung ano ang makikita/matatagpuan sa diksyunaryo.

Ang *konotasyon* naman ay ang mas malalim na kahulugan ng isang salita. Bukod sa literal na kahulugan ng salita, mayroon pa itong mga nakatagong kahulugan na maaaring maiugnay sa buhay na kadalasang hindi direktang sinasabi ng may-akda. Ang isang salita ay may simbolo o ipinahihiwatig sa kabuuan ng isang akda.

**Subukin**

Narito ang isang balita. Basahin mo itong mabuti.

**Ahon Bata sa Lansangan Program**

Dahil sa kritikal na kondisyon at kapahamakang kinakaharap ng mga batang-lansangan, inilunsad kamakailan ng pamahalaan ang "Ahon Bata sa Lansangan Program" bilang pagkilala ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo sa pangunahing karapatan ng mga batang Pilipino.

Layunin ng proyekto na patuloy na mapalakas ang pagsisikap ng pamahalaan na matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga batang-lansangan o *street children*. Sa pamamagitan ng programa, umaasa ang pamahalaan na tutulong sa mga batang lansangan ang iba't ibang sektor ng lipunan.

Kabilang sa mga ipagkakaloob na tulong sa mga batang-lasangan ang sumusunod: pagkakaloob ng tahanan, pagbibigay ng payo, serbisyong pangkalusugan, edukasyon, at mga gawain o trabaho na kanilang mapagkakakitaan at iba pang serbisyo para sa kanilang pamilya, upang kahit papaano ay matulungan silang makaalis sa kanilang kinasasadlakang kahirapan.

Kabilang sa mga ahensya ng pamahalaan na inatasang magpatupad ng programa ang *Department of Social Welfare and Development* (DSWD), *Philippine National Police* (PNP), *Department of Interior and Local Government* (DILG), at *Department of Health* (DOH).

(Pinagkunan: *http://www.pia.gov.ph/infobits/ib031727.htm*)

I. Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng wastong sagot sa isang hiwalay na papel.

______1. Ano ang *paksa* ng balita?
   a. mga batang lansangan
   b. pagtulong sa mga batang lansangan
   c. paglulunsad ng isang proyekto para sa mga batang lansangan
   d. mga ahensya ng pamahalaan na magpapatupad ng programa

______2. Alin sa mga sumusunod na *keyword* ang hindi ganap na nagpakilala sa *paksa* ng balita?
   a. inilunsad
   b. karapatan ng mga batang Pilipino
   c. pagkilala
   d. pamahalaan

______3. Alin sa mga sumusunod ang hindi positivong pahayag?

a. mapalakas ang pagsisikap ng pamahalaan
b. matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga batang-lansangan
c. umaasa ang pamahalaan na tutulong ang iba't ibang sektor ng lipunan
d. kapahamakang kinakaharap ng mga batang-lansangan,

______4. Ano ang *denotasyong kahulugan* ng "Ahon-Bata sa Lansangan Program"?

a. programa
b. pagliligtas
c. pagtulong
d. pagsagip

______5. Ano ang *konotasyong kahulugan* ng "Ahon-Bata sa Lansangan Program"?

a. programa
b. pagliligtas
c. pagtulong
d. pagsagip

______6. Alin sa mga sumusunod na salita ang positibo?

a. kritikal
b. mapalakas
c. kapahamakan
d. kahirapan

II. Dugtungan ang mga sumusunod na *keyword* upang mabuo ito. Piliin ang titik ng sagot sa ibaba.

______1. *Lubos ang akong natutuwa sa proyekto dahil* ________________________________________

______2. *Gusto ko ang proyektong ito, ngunit* ________________________________________________

______3. *Di ako naniniwala na magiging epektibo ang programa sapagkat* _______________________

______4. *Dapat sigurong tiyakin ng pamahalaan ang* __________________________________________

______5. *Tiyak na magiging maganda ang resulta ng proyekto kung* ______________________

a. lubhang napakaraming batang-lansangan sa kasalukuyan ang nagkalat lalo na sa Maynila.
b. hindi ako sigurado kung seryoso ang pamahalaan sa proyektong ito, baka sa simula lamang ito.
c. hihilingin ng pamahalaan sa mga ahensya nito na makipagtulungan
d. sapat na badyet upang matustusan ang proyekto at nang makaabot sa mas maraming bilang ng batang-lansangan.
e. tiyak na marami itong matutulungang mga batang lansangan.

III. Tukuyin kung ang mga pangungusap bilang 1-5 sa Pagsasanay II ay positive/negativ. Isulat ang (**+**) kung positiv ang pangungusap at (**–**) naman kung negativ ang pangungusap.

Tapos ka na ba?

Narito ang mga wastong sagot sa gawaing ito. Iwasto mo ang iyong sariling papel. Nawa'y maging tapat ka.

| I | II | III |
|---|---|---|
| 1. c | 1. e | 1. + |
| 2. c | 2. b | 2. – |
| 3. d | 3. a | 3. – |
| 4. a | 4. d | 4. + |
| 5. d | 5. c | 5. + |
| 6. b | | |

Muli, kung iyong nakuhang wastong sagot ay higit sa kalahati, puwede mo nang puntahan ang panghuling pagsusulit. Ngunit kung hindi nakaabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, pumunta ka sa Paunlarin. Ito ay para rin sa iyong ikahuhusay. Hindi naman tayo nagmamadali. Nais kong masiguro na bago mo iwan ang isang aralin ay lubos mo itong naiintindihan.

Maraming salamat sa iyo, kaibigan!

**Paunlarin**

Narito ang ilang bahagi ng balitang iyong binasa sa **Subukin**. Isulat ang iyong palagay sa isang hiwalay na papel. Ang iyong palagay ay maaaring *positiv* o *negativ.* Gumamit ng mga *keyword*.

Ano ang iyong masasabi sa mga sumusunod na bahagi ng balita?

1. Dahil sa kritikal na kondisyon at kapahamakang kinakaharap ng mga batang-lansangan, inilunsad kamakailan ng pamahalaan ang "Ahon Bata sa Lansangan Program" bilang pagkilala ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo sa pangunahing karapatan ng mga batang Pilipino.

2. Layunin ng proyekto na patuloy na mapalakas ang pagsisikap ng pamahalaan na matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga batang-lansangan o *street children*. Sa pamamagitan ng programa, umaasa ang pamahalaan na tutulong sa mga batang lansangan ang iba't ibang sektor ng lipunan.

3. Kabilang sa mga ipagkakaloob na tulong sa mga batang-lasangan ang sumusunod: pagkakaloob ng tahanan, pagbibigay ng payo, serbisyong pangkalusugan, edukasyon, at mga gawain o trabaho na kanilang mapagkakakitaan at iba pang serbisyo para sa kanilang pamilya, upang kahit papaano ay matulungan silang makaalis sa kanilang kinasasadlakang kahirapan.

4. Kabilang sa mga ahensya ng pamahalaan na inatasang magpatupad ng programa ang *Department of Social Welfare and Development* (DSWD), *Philippine National Police* (PNP), *Department of Interior and Local Government* (DILG), at *Department of Health* (DOH).

Matapos mong maisulat ang iyong opinyon/palagay o kuro-kuro, tukuyin mo kung ang mga ito ba ay *positivo* o *negativo*. Pagkatapos, bilugan mo ang mga *keywords* na nagpapatunay na ito ay *positivo* o *negativo*. Ipakita mo sa iyong guro ang iyong papel at titignan niya kung wasto ang iyong ginawa.

Sa bahaging ito nagtatapos ang ating pag-aaral, pero bago tayo tuluyang maghiwalay, sagutin mo muna ang panghuling pagsusulit sa GAANO KA NA KAHUSAY? para matiyak natin ang iyong mga natutuhan sa modyul na ito.

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Piliin ang wastong sagot sa kahon. Isulat ang salita ng iyong sagot sa isang hiwalay na papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *keywords* | pahiwatig | paksa | denotasyon |
| proposisyon | konotasyon | simbolo | |

______1. Ito ang kahulugang tahas o literal na depinisyon ng salita na kadalasang nakikita sa diksyunaryo

______2. Mga salita na kapag binanggit sa isang akda ay nag-iiwan ng iba't ibang pagpapakahulugan ang mambabasa

______3. Istilong ginagamit ng mga manunulat upang sabihin ang kanilang mga nais sabihin sa paraang hindi lantad o hayagan

______4. Ito ay ang mas malawak na pagpapakahulugan sa salita, nagtataglay ng simbolo o pahiwatig na kahulugan ang salita

______5. Pangunahing kaisipan ng kuwento na nais ipabatid ng may-akda sa mambabasa

______6. Mga tanda o ibang salita na ginagamit ng may-akda upang lalong mapalutang ang kanyang paksa
______7. Isang pahayag na nagbibigay ng mungkahi.

II. Ano ang *ipinahihiwatig* ng mga sumusunod? Piliin ang titik ng iyong sagot.

______1. Ibig kong magsaka na ang aanihin
ikabuhay ko ma'y sa pawis ko galing.
- Rogelio Sicat, *Malaya*

a. paghingi ng tulong sa ibang tao
b. pagsisikap sa sariling paraan
c. gawing mag-isa ang isang gawain
d. hindi paghingi ng tulong sa iba

______2. Dalawangpung taong nabangkay ang laya,
laksa ang nasukol na diwa at puso.
-Teo T. Antonio, *Babang-Luksa*

a. marami ang nakakulong
b. mahabang panahon ng pananakop ng mga dayuhan
c. maraming taon na ang tao ay walang layang magsalita
d. pang-aabuso sa mga Pilipino

______3. May isang bagay na malinaw na malinaw kong natatandaan tungkol kay Tata More – hindi pa siya pumupunta sa amin nang hindi niya taglay ang ingay at halakhak.
- Genoveva E. Matute, *Tata More*

a. Masayahing tao si Tata More
b. Maraming naiinis kay Tata More
c. Mahirap kalimutan si Tata More
d. Mahilig humalakhak si Tata More

______4. Noon ay kataimtimang minamalas ni Impong Sela ang kanyang lalabing-animing taong apong lalaki sa pagkakahigang walang katinag-tinag. Sa ilalim ng maputing kumot, ang kanyang apong nakatihaya ay matuwid na matuwid katulad ng isang bangkay.
- Epifanio G. Matute, *Impong Sela*

a. Patay na ang apo ni Impong Sela
b. Natutulog ang apo ni Impong Sela
c. Paralisado ang katawan ng apo ni Impong Sela
d. May malubhang sakit ang apo ni Impong Sela

_____5. Sa matinding sikat ng araw, tila siya isang mandirigmang sugatan, ngunit matatag na nakatindig sa pinagwagiang larangan.

- Rogelio Sicat, *Impeng Negro*

a. siya ay natalo
b. patas lang ang labanan
c. nagtagumpay siya sa labanan
d. hindi niya matanggap ang pagkatalo

_____6. Ang araw ay mahapdi sa balat at ang hangin ay tila hininga ng isang nilalagnat.

- Edgardo M. Reyes, *Lugmok na ang Nayon*

a. maysakit
b. sobrang init ng panahon
d. sensitibong ang balat
e. matinding sikat ng araw

_____7. Ilang hakbang lamang ang nakapagitan sa silid ng ama ko at sa akin, ilang hakbang lamang at maaari ko nang mabuksan ang pinto at itulak iyong upang makita ang nasa loob. Subalit ang mga hakbang ko ay karaniwang mabibigat.

- Buenaventura S. Medina, Jr., *Dayuhan*

a. masama ang loob niya sa kanyang ama
b. may galit siya sa kanyang ama
c. hindi niya kapalagayang loob ang ama
d. nahihiya siya sa kanyang ama

_____8. Ngayon ang sanga ko'y kurus sa libingan,
Dahon ko'y ginawang korona sa hukay.

- Jose Corazon de Jesus, *Ang Punungkahoy*

a. kamatayan
b. katandaan
c. pagsisisi
d. pamamaalam

III. Ano ang *isinisimbolo* ng mga salitang may salungguhit? Piliin ang titik ng iyong sagot.

_____1. Ang buhay ay <u>guryon</u>: marupok, malikot,
Dagiti't dumagit saan man sumuot…

- Ildefonso Santos, *Ang Guryon*

a. pagsubok sa buhay
b. problema/suliranin
c. isang laruan
d. pangarap

_____2. At sa <u>kubong butas-butas</u>
ay naglagos ang pangarap.
- Teo T. Antonio, *Kasal ni Kikay*

a. tahanan/bahay
b. pamilya
c. kahirapan
d. kayamanan

_____3. Walang nakakaalam kung gaano na katanda ang <u>gilingang bato</u>. Ito'y nagisnan na naming magkakapatid.
- Edgardo M. Reyes, *Ang Gilingang Bato*

a. katandaan
b. panahon
c. pamana
d. kabuhayan

_____4. Sa bawat tao ay may naghihintay na <u>lupa</u> ng sariling bayang sinilangan.
- Rogelio Sicat, *Sa Lupa ng Sariling Bayan*

a. lupang sinilangan
b. lupang sakahan
c. lupang lilibingan
d. lupang pagkukunan ng kabuhayan

_____5. May mga taong bukod sa hangad na tularan ang lalong walang habas na ibon: ang <u>Agila</u>, ay may mga palatandaan pa rin ng <u>buwitre</u>, ng <u>kuwago</u> at ng <u>malaking bayakan</u> na sumisipsip ng dugo ng tao.
- Amado V. Hernandez, *Mga Ibong Mandaragit*

a. katakawan
b. kabulastugan
c. gahaman sa yaman
d. kasakiman

_____6. <u>Lumuha</u> ka, aking Bayan; buong lungkot mong iluha
ang kawawang kapalaran ng lupain mong kawawa
- Amado V. Hernandez, *Kung Tuyo na ang Luha Mo, Aking Bayan*

a. damdamin
b. mga pasakit/pagdurusa ng bayan
c. pag-ibig sa bayan
d. pagliligtas sa bayan

IV. Ano ang kahulugang *denotasyon* ng mga sumusuod na salita/bagay? Isulat ang titik ng iyong sagot.

| A | B |
|---|---|
| ______1. guryon | a. tinataniman ng mga halaman |
| ______2. kubo | b. isang uri ng ibon |
| ______3. gilingang-bato | c. saranggola |
| ______4. lupa | d. bahay na yari sa pawid |
| ______5. agila | e. ginagamit sa paggawa ng mga kakanin |
| ______6. luha | f. natatagpuan sa ilog |
| | g. likidong lumalabas sa mata kapag umiiyak |

V. Isulat ang + kung positiv at – naman kung negativ ang mga sumusunod na pangungusap.

______1. Pinalaya na nang walang pinsala noong Martes ang Pilipinong si Angelito Nayan at dalawa pang UN workers, na dinukot sa Afghanistan.
______2. Simula Sabado, magbibigay ang 100 himpilan ng Petron, Pilipinas Shell at Caltex Philippines ng 50 sentimong diskwento kada litro ng diesel.
______3. May ibang hindi maka-*concentrate* sa klase o nakararamdam ng sobrang pagod kaya hindi makapag-aral nang mabuti.
______4. Masayang tinanggap ng karamihan ng mga mag-aaral ng UP ang pagkakahalal ng bagong pangulo.
______5. Kung ihahambing sa mga ibang pangunahing pamantasan sa Asya, ang kalidad ng pagtuturo sa Pilipinas ay patuloy na bumabagsak nitong mga nakaraang taon.
______6. Ang kasalukuyang pinakamalubhang suliranin ng UP ay ang kakulangan ng sapat na salapi.
______7. Kahit ang kongkretong tulay na nagdudugtong sa Real at Infanta, Quezon ay hindi sinanto ng matinding agos noong kasagsagan ng bagyong "Winnie".
______8. Bumaba sa kalahati ang bilang ng mga nakidnap na Filipino-Chinese sa buong bansa ngayong taon.
______9. Hindi papapasukin sa Pilipinas ang mga imported na *poultry products* mula Vietnam at Japan.
______10. Sumobra na ang lawak ng Nestle kung kaya't hindi na makapasok pa ang ibang local na suplayer at prodyuser sa industriya.

VI. Isulat ang P kung *proposisyon* at HP kung *hindi proposisyon* ang mga sumusunod na pangungusap.

______1. Gumamit ng *filter* o kaya'y pakuluan muna ang tubig bago inumin.
______2. Mag-imbak ng makakain, kumot, pagkain ng bata at gamut – at manalanging magpalit ng ruta ang bagyo.
______3. Mayroong mahigit na sandaang dialekto na kalat sa mahigit na 7,100 na pulo ng Pilipinas.
______4. Ugaliing matulog.
______5. Susuungin ng mga motorista ang kadalasang masikip na Taft Avenue kapag nagtalumpati na si Pangulong Macapagal-Arroyo sa Quirino Grandstand sa Rizal Park.
______6. Hangga't maaari, umiwas sa kape paglagpas ng tanghali.

______7. Sa dami ng ating *dialects*, nagkawatak-watak daw ang mga Pinoy.
______8. Maaari ninyong ganapin ang espesyal na okasyon sa kani-kaniyang mga bahay.
______9. Sa mabilis na pagdami ng mga Pilipino, kailangan talagang makapag-develop ng binhing matibay sa bagyo.
______10. Ang wika ay lumalago, nagbabago at umuunlad batay na rin sa paggamit natin.

Pagkatapos mong sagutan ang panghuling pagsusulit na ito, kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

Mas mataas na ba ang nakuha mo kaysa sa unang pagsusulit? Kung tumaas ay binabati kita ngunit kung mas bumaba, maaari mo pa ring balikan ang mga nakalipas na aralin. Muli, ito ay para rin sa iyo. Hindi naman tayo nagmamadali. Mas mahalaga para sa akin ang matututo ka.

O sige na kaibigan, sandali munang akong mamamaalam sa iyo.

Hanggang sa susunod na modyul.

Salamat!



## Susi sa Pagwawasto

Modyul Blg. 8
Pagbibigay-kahulgan sa mga Simbolo, Pahiwatig at Imahe

### ANO NA BA ANG ALAM MO?

I.

1. denotasyon
2. simbolo
3. pahiwatig
4. konotasyon
5. paksa
6. proposisyon

| II. | III. |
|---|---|
| 1. b | 1. a |
| 2. c | 2. c |
| 3. a | 3. b |
| 4. d | 4. a |
| 5. c | 5. c |
| 6. b | 6. b |
| 7. c | |
| 8. a | |

IV.

| | |
|---|---|
| 1. + | 6. – |
| 2. + | 7. – |
| 3. – | 8. + |
| 4. + | 9. – |
| 5. – | 10. – |

V.

| | |
|---|---|
| 1. P | 6. P |
| 2. P | 7. HP |
| 3. HP | 8. P |
| 4. P | 9. P |
| 5. HP | 10. HP |

### GAANO KA NA KAHUSAY?

I.

| | |
|---|---|
| 1. denotasyon | 4. konotasyon |
| 2. simbolo | 5. paksa |
| 3. pahiwatig | 6. proposisyon |

| II. | | III. |
|---|---|---|
| 1. b | 5. c | 1. a |
| 2. c | 6. b | 2. c |
| 3. a | 7. c | 3. b |
| 4. d | 8. a | 4. a |
| | | 5. c |
| | | 6. b |

IV.

| | |
|---|---|
| 1. c | 4. a |
| 2. d | 5. g |
| 3. e | |

V.

| | |
|---|---|
| 1. + | 6. – |
| 2. + | 7. – |
| 3. – | 8. + |
| 4. + | 9. – |
| 5. – | 10. – |

VI.

| | |
|---|---|
| 1. P | 6. P |
| 2. P | 7. HP |
| 3. HP | 8. P |
| 4. P | 9. P |
| 5. HP | 10. HP |